



OFFICE OF ARTS & CULTURE
CITY OF SEATTLE

Mga Alituntunin ng Mga Artista sa Sentro 2024-2025

Pangkalahatang Impormasyon sa Paggawad

Ang Artists at the Center ay isang maraming-taon na kolaborasyon sa pagitan ng [Seattle Office of Arts & Culture](#) (ARTS) at ng [Seattle Center](#), na may suporta mula sa [Uptown Arts & Culture Coalition](#) at mga komunidad na nakapaligid sa kampus ng Seattle Center. Ang proyekto na ito ay naging posible sa pamamagitan ng isang 10-taong paggawad na benepisyo sa komunidad mula sa [Climate Pledge Arena](#) at [Seattle Kraken](#), simula noong 2021.

Pinopondohan ng [Artists at the Center](#) ang mga indibidwal na artista, grupo, at organisasyon upang bumuo at magpakita sa buong taon ng mga tanghalan na pop-up sa Seattle Center. Maaaring kabilang sa mga uri ng pagka-artista ang musika, sayaw, teatro, demonstrasyon, at mga gawang maraming disiplina. Ang mga pagtatanghal ay itatakda sa pagitan ng Oktubre 2024 at Setyembre 2025. Ang mga napiling kalahok ay makakatanggap ng alinman sa \$2,000, \$4,000, o \$6,000 na pagpopondo batay sa laki ng artista/grupo at pagiging kumplikado ang sinasaklaw. Ang mga ginawaran ng parangal mula sa kasalukuyang taon (2023-2024) ay hindi kwalipikadong mag-aplay para sa taon ng 2024-2025.

Para sa impormasyon at tulong sa aplikasyon, mangyaring sumangguni sa mga [Madalas Itanong na mga Katanungan](#), o makipag-ugnayan kay Alex Rose, Tagapamahala ng Proyekto para sa Artists at the Center, sa **(206) 459-6517** o Alex.Rose@seattle.gov.

Mayroon kaming mga tagapagsalin na maaaring makipag-usap sa inyo sa inyong wika, kabilang ang American Sign Language (sa pamamagitan ng video). Tawagan lang kami at sabihin sa amin kung anong wika ang inyong ginagamit. Asahan ang saglit na paghinto habang naghahanap kami ng isang tagapagsalin na sasali sa tawag.

Aplikasyon

Isumite ang inyong aplikasyon on-line sa pamamagitan ng website sa paggawad ng Lungsod ng Seattle: https://seattle.fluxx.io/user_sessions/new

Kung wala kayong computer o akses sa internet, o may iba pang hadlang sa pag-aaplay, makipag-ugnayan kay Alex Rose, Tagapamahala ng Proyekto, sa **(206) 459-6517** or Alex.Rose@seattle.gov.

Takdang Petsa

Martes, Hunyo 25, 2024, 5 p. m. (Pasipiko)

Pagiging karapat-dapat

Kayo ay karapat-dapat na mag-aplay para sa paggawad na ito kapag naabot ninyo ang mga sumusunod na pamantayan:

- Isa kayong indibidwal na artista, organisasyon, o grupong nakabatay sa komunidad na matatagpuan sa, o regular na nagtatanghal sa, Seattle.
- Kayo ay may numero ng ID para sa Federal Tax (Social Security Number, ITIN, o Employee Identification Number) at nakabase sa, o may kasalukuyan at aktibong pagpoprograma sa loob ng, Lungsod ng Seattle.
 - Ang mga pangkat na nag-aaplay ay hindi kinakailangang maging isang 501 (c) (3) na nonprofit, at hindi rin sila kinakailangang gumamit ng piskal na isponsor o piskal na ahente.
- Maaari lang kayong magsumite ng isang aplikasyon bawat taon sa programang ito.
- Ang mga ginawaran ng parangal mula sa kasalukuyang taon (2023-2024) ay **hindi kwalipikadona** mag-aplay para sa taon ng 2024-2025.

Ang inyong pagtatanghal ay karapat-dapat na mapondohan ng paggawad na ito kung matutugunan nito ang mga sumusunod na pamantayan:

- Ang inyong pagtatanghal ay magiging libre at bukas sa publiko.
- Magkakaroon kayo ng segurong pang-kaganapan para sa pagtatanghal.
- Ang pagtatanghal ay tatagal nang 90 minuto o mas kaunti.

Pagpopondo

Maaaring mag-aplay ang mga aplikante sa mga sumusunod na antas ng pagpopondo:

- \$2,000 paggawad (karaniwang 1-2 na magtatanghal), dagdag ng \$680 sa larangan ng produksyon na suporta mula sa Seattle Center
- \$4,000 paggawad (karaniwang 3-5 na magtatanghal), dagdag ng \$1,235 sa larangan ng produksyon na suporta mula sa Seattle Center
- \$6,000 paggawad (karaniwang 6+ na magtatanghal), dagdag ng \$1,700 sa larangan ng produksyon na suporta mula sa Seattle Center

Higit pang impormasyon tungkol sa mga uri ng matatanggap na suporta sa produksyon ay makikita sa aming [Madalas na Itanong na mga Katanungan](#).

Mga Sesyon ng Impormasyon

Matuto ng higit pa tungkol sa programa at kung paano isumite ang inyong pinakamahusay na aplikasyon.

Sesyon ng Impormasyon 1 (Hybrid)

Huwebes, Mayo 16, 4:00-5:20 p. m. (Pasipiko)

Sa Personal: Seattle Center Armory, Loft 4

Birtwal: Webex

[RSVP](#)

Sesyon ng Impormasyon 2 (Hybrid)

Huwebes, Hunyo 13, 10:00-11:20 a.m. (Pasipiko)

Sa Personal: Seattle Center Armory, Loft 4

Birtwal: Webex

[RSVP](#)